Sunshine Coast COUNCIL | Our region. Healthy. Smart. Creative.

Welcome
Multicultural **Welcome Hub**

INFORMATION SHEET

# Mga bayarin at singil ng konseho

## Bakit nagsisingil ng mga bayarin ang konseho?

Ang mga konseho ay nagsisingil ng mga bayarin sa mga may-ari ng ari-arian upang pondohan ang mga serbisyo at pasilidad na kinakailangan ng komunidad. Kabilang sa mga serbisyong ito ang mga aklatan, mga lokal na kalsada at transportasyon, mga parke at hardin, mga inisyatibong pangkapaligiran at pang-ekonomiya.

Bawat taon, nagpapasya ang Konseho sa mga bayarin at singil na ipapataw sa darating na taong pinansyal.

Tandaan* kung nagrerenta ka ng iyong bahay, hindi ka kailangang magbayad sa bayarin. Isinasama ito sa iyong lingguhang renta.

## Paano sumisingil ng bayarin ang Konseho?

Nagpapalabas ng abiso sa bayarin ang Konseho nang dalawang beses kada taon sa mga may-ari ng ari-arian:

- Sa Enero – para sa anim na buwang panahon mula Enero 1 hanggang Hunyo 30 at
- Sa Hulyo – para sa anim na buwang panahon mula Hulyo 1 hanggang Disyembre 30.




## Paano kinakalkula ang aking mga bayarin?

Naglalaan ang Konseho ng kategorya ng bayarin para sa bawat ari-arian. Ang kategorya ng bayarin ay ipinapakita sa iyong abiso sa bayarin at nagbibigay ang polyeto ng Schedule of Rates (Iskedyul ng mga Bayarin) ng mga detalye ng mga sinisingil na ipinapataw sa bawat kategorya ng bayarin.

Mangyaring kontakin ang sentro sa pagkontak ng konseho kung mayroon kang anumang mga karagdagang katanungan o mag-email sa rates@sunshinecoast.qld.gov.au.

Tandaan: * Ang mga pagtatasa ng halaga ng lupa ay ini-isyu sa mga may-ari ng ari-arian ng Department of Natural Resources, Mines and Energy ng Pamahalaan ng Queensland at ipinapakita sa iyong abiso sa mga bayarin.

## Ano ang iba pang mga bayarin ang nasa aking abiso ng mga bayarin?

Maaaring isama rin ng mga Konseho ang Hiwalay o Espesyal na Mga Bayarin o Mga Singil sa iyong abiso ng mga bayarin. Maaaring kasama rito ang:

- Levy sa Kapaligiran
- Levy sa Transportasyon
- Levy sa Pamana.

Isasama rin ng Konseho ang singil para sa pagbibigay ng mga serbisyo sa pagkokolekta ng basura. Ang laki at paglalarawan ng basurahan at ang nauugnay na singil ay ipinapakita sa abiso ng mga bayarin.

Ang karagdagang impormasyon sa Mga Espesyal na Bayarin at Mga Espesyal na Singil ay maaaring matagpuan sa website ng konseho o sa pamamagitan ng pagtawag sa sentrong makokontak ng kustomer na pinapatakbo ng konseho.

### Kailan ko dapat bayaran ang aking mga bayarin?

Ang iyong abiso ng mga bayarin ay may takdang petsa para sa pagbabayad na ipinapakita sa abiso.  Kung nakaligtaan mo ang petsa ng pagbabayad na ito, hindi ka magiging karapat-dapat na makatanggap ng diskwento na ipinapakita sa iyong abiso ng mga bayarin. Kung nahihirapan ka sa pagbabayad ng iyong mga bayarin, mangyaring kontakin ang konseho upang humingi ng tulong. Mangyaring tandaan na naniningil ng interes ang Konseho sa mga naantalang pagbabayad.

### Paano ko babayaran ang aking mga bayarin?

Ang mga detalye kung paano mo babayaran ang iyong abiso ng bayarin ay ipinapakita sa iyong abiso, at may isang hanay ng mga opsyon doon kabilang ang pagbabayad sa pamamagitan ng telepono, pagset-up ng isang direktang debit, pagbabayad sa tanggapan ng koreo, o sa mga tanggapan ng Konseho na nasa Nambour, Maroochydore o Caloundra.

### Saan ako makakakuha ng karagdagang impormasyon?

Mangyaring basahin ang mahalagang impormasyon sa likod ng iyong abiso ng mga bayarin.

Ang karagdagang impormasyon, kasama ang mga detalye ng mga konsesyon sa bayarin ng pensiyonado, paghain ng pagtutol sa iyong kategorya ng bayarin, mga opsyon sa pagbabayad at mga pag-aareglo ng pagbabayad ay maaaring matagpuan sa website ng konseho o sa pamamagitan ng pagkontak sa sentrong makokontak ng kustomer na pinapatakbo ng konseho.



## Multicultural Welcome Hub

Alamin kung saan ka makakakuha ng suporta, paano ka makakakilala ng ibang tao at galugarin ang iyong bagong komunidad. Makinig sa mga kuwento ng iba pang migrante.

[www.sunshinecoast.qld.gov.au/multicultural](http://www.sunshinecoast.qld.gov.au/multicultural)

## Kailangan mo ba ng tulong sa wika?

Kung nahihirapan ka sa pagsasalita o pag-uunawa ng wikang Ingles, maaari mong tawagan ang Translating and Interpreting Service (TIS, Serbisyo sa Pagsasalin at Pag-interpret) sa 131 450 at humiling na ipasa sa Sunshine Coast Council sa 5475 7272.

## Pagsasalin ng online na impormasyon

Maaari mong gamitin ang Google Chrome upang isalin ang mga webpage sa ibang wika. Sundin ang mga hakbang na ito upang i-activate ang kakanyahang ito:

- Sa iyong computer, buksan ang Chrome.
- Sa itaas na kanang bahagi, i-klik ang More Settings.
- Sa ibaba, i-klik ang Advanced.
- Sa ilalim ng “Languages”, i-klik ang Language.
- I-tsek o tanggalin ang tsek sa “Offer to translate pages that aren’t in language you read (Mag-alok na isalin ang mga pahina na hindi nakasulat sa wikang nababasa mo).”

Kasaluluyan hanggang nitong Agosto 2019

**Sunshine Coast Council**
**www.sunshinecoast.qld.gov.au**
mail@sunshinecoast.qld.gov.au
**T** 07 5475 7272   **F** 07 5475 7277
Locked Bag 72 Sunshine Coast Mail Centre Qld 4560